

Gumawa ng mabuti para sa mga bata – sumali sa PTA!

Gumagawa ng pagkakaiba ang inyong pagkamiyembro sa PTA. Sa pagsali lamang sa PTA, ipinapakita ninyo sa inyong mga anak na mahalaga ang paaralan at na kayo ay naglalaan para sa kanilang tagumpay – at kanilang kinabukasan. Ito ay ilan lamang sa mga mabubuting bagay tungkol sa pagsali sa PTA:

■ **Maging konektado** – Walang ibang mas magandang paraan upang malaman ang mga kaganapan sa mga paaralan o mapalago ang mga relasyon sa mga guro at mga punong-guro


Ang lahat ay bahagi ng pamilya ng PTA

Ang PTA ay naniniwalang ang pamilya ay ang pangunahing yunit ng lipunan na may pananagutan sa pagsuporta at pag-aalaga ng lahat ng mga kabataan, at aming kinikilala na “ang pamilya” ay binibigyan ng kahulugan sa maraming paraan. Kaya’t sinuman ang nasa inyong pamilya o sa papaanong paraan man ito inyong binibigyan ng kahulugan, ang inyong pamilya ay bahagi ng may dibersidad na pambansang pamilya na may malakas na milyun-milyong pamilya – ang PTA!

■ **Matuklasan ang maraming suporta** – Ang PTA ay nagbibigay ng maraming mga kakaibang programa at kagamitan para sa mga mag-aaral, magulang, pamilya, paaralan at komunidad

■ **Makapagsalita** – Ang PTA ay nagbibigay sa mga pamilya at miyembro ng komunidad ng “posisyon sa pagpupulong” kapag may mga mahahalagang mga desisyon na ginagawa

■ **Maging mabuting modelo** – Sa pagiging miyembro ng PTA, ipinapakita ninyo sa inyong anak at sa lahat ng



mga kabataan ang pagpapahalagang iyong ibinibigay sa edukasyon

■ **Magtamasa ng mga dagdag na benepisyo** – Ang mga miyembro ng PTA ay nakikinabang sa mga eksklusibong benepisyong nakapag-papatipid sa gastusin kabilang ang mga diskwento sa mga gamit sa paaralan, paupahang sasakyan, mga parkeng panlibangan at marami pa

■ **Gumawa ng kakaiba** – Sa sama-samang pagtutulongan, isinusulong ng mga miyembro ng PTA ang mga panlokal, pang-estado at pambansang batas at patakaran upang mapabuti ang edukasyon, kalusugan at kapakanan ng lahat ng mga kabataan.

Ang pagsapi sa PTA ay bukas para sa lahat – kayo man ay magulang, mag-aaral, edukador, lider ng negosyo o miyembro ng komunidad. Gumawa ng mabuti para sa mga bata – sumali sa PTA!

